5

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 6:
## Paglikha ng Sariling Sining



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MAPEH (Music) – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 6: Paglikha ng Sariling Sining**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name,* tatak o *trademark,* palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rogelio L. Arabiana, Jr.
**Editors:** Celestino I. Sapiler, Jr., Virgita M Ibañez, Rhea Jane D. Palita
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Charo C. Sombilon, Omar Ty
**Tagaguhit:** Rogelio L. Arabiana, Jr., Rei Zephyrus L. Godoy
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Raul D. Agban
Lorelei B. Masias
David E. Hermano, Jr.
Shirley L. Godoy
Eva D. Divino
Jo-Ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov

5

# MAPEH (Arts)

## Unang Markahan – Modyul 6:
## Paglikha ng Sariling Sining

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **MAPEH (Arts) 5 ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul para sa araling Paglikha ng Sariling Sining.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **MAPEH (Arts) 5 ng** Alternative Delivery Mode (ADM) **Modyul ukol sa Paglikha ng Sariling Sining**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Maraming simbahan sa ating bansa ang naitalaga bilang Pambansang kayamanan ng Kultura.

Ilan sa mga simbahan na napasama sa listahan ng UNESCO bilang tanawin ng mahalagang pamana sa mundo (*World Heritage Sites*) ay ang Santa Maria sa Ilocos Sur, San Agustin sa Paoay, Ilocos Norte, at Santo Tomas de Villanueva sa Miag-ao, Iloilo.

Ang apat na simbahan ay kilala bilang simbahang *Baroque* sa Pilipinas. Magagamit mo ang mga disenyo at iba’t ibang elemento at *pricipl es* ng sining na makikita sa mga dantaong  estruktura para makagawa ng likhang-sining.

Sa modyul na ito, matutunang lumikha ng mural at guhit ng lumang bahay, simbahan o gusali sa komunidad at inaasahang makamit ang sumusunod na mga layunin:

a. Nakikilala ang mga elemento at *principles* ng sining na makikita sa lumang bahay, simbahan o gusali;
b. Nakalilikha sa pamamagitan ng pagguhit ng lumang bahay, simbahan o gusali sa kumonidad;
c. Naipapahayag ang nararamdan sa paglikha ng sariling sining.

## Subukin

Masdan ang mga larawan ng lumang gusali nasa ibaba. Gumuhit ng *emoji* na nakangiti kung sa tingin mo hindi ito mahirap iguhit, at *emoji* na nakasimangot kung ito ay mahirap iguhit. Iguhit ang iyong sagot sa loob ng kahon na nasa ibaba ng mga larawan.








4


5


6


7


8


9


10

| Aralin 1 | Paglikha ng Sariling Sining |
|---|---|

## *Balikan*

Panuto: Kilalanin at pagtambalin ang mga larawang nasa Hanay A at ang mga salitang nasa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang na nakalaan sa bawat bilang.

Hanay A

1. ______ 

2. ______ 

3. ______ 

4. ____ 

Hanay B

a) ritmo

b) hugis

c) linya

d) disenyo

5. ____  e) kulay

6. – 7. Saan mo nakikita ang mga ito? ________________________________

8. – 10. Ano ang iyong nararamdaman habang tinitingnan ang mga ito? Bakit?

________________________________________________

## *Tuklasin*

Panuto: Idugtong ang mga numerong may bilog na nasa loob ng kahon sa wastong pagkakasunod-sunod sa pamamagitan ng pagguhit ng linya upang makabuo ng isang bagay.



Sagutin: 1. Ano ang iyong nabuo? ______________________________________________

2. Paano mo ito nabuo? ______________________________________________

3. Ano ang iyong nararamdaman habang ginagawa ang pagdudugtong-dugtong sa mga numero? Bakit ito ang iyong nararamdaman?

______________________________________________________________________

## *Suriin*

Paano ba makakabuo ng isang guhit?

Nagsisimula ito sa isang maliit na tuldok. Kapag ang tuldok ay nasundan ng isa pang tuldok o mas maraming tuldok na nagkakadikit, ito ay makakabuo ng isang linya (*line*). Ang linya ang magbubuo ng hugis (*shape*) kapag ito'y idinudugtong o isinara. Ito ay inyong naranasan sa paggawa ng aktibidad na nasa tuklasin. Ilan lamang ito sa mga elemento at prinsipyo ng sining na ginagamit o di kaya'y mga pangunahing elemento upang makabuo ng isang magandang likhang sining. Ang iba pang mga elemento at prinsipyo ng sining ay porma, kulay, *value,* espasyo, *texture, balance, at* ritmo.

Ang mga elemento at prinsipyo ng sining ay bumubuo sa kagandahan ng mga lumang bahay, simbahan o gusali na itinuturing na pambansang kayamanan ng kultura tulad ng nasa ibaba:



Ang Simbahan ni Santa Maria sa Ilocos Sur



Ang Simbahan ni Santo Tomas De Villanueva sa Miag-ao, Iloilo



Ang Simbahan ni San Agustin sa Paoay





Bahay ni Rizal sa
Calamba, Laguna

National Museum sa
Ermita, Manila



## *Pagyamanin*

**Gawain 1**

Suriing mabuti ang larawan ng simbahan ng Miag-ao sa Iloilo na nasa ibaba. Kilalanin ang mga elements at principles ng sining na makikita sa lumang simbahan na ito. Isulat ang iyong mga sagot sa sumusunod na mga patlang.



1.____________________________

2.____________________________

3.____________________________

4.____________________________

5.____________________________

**Gawain 2**

Pumili ng isang larawan na nasa ibaba. Iguhit ang iyong napiling larawan sa loob ng kahon. Magbigay ng kaunting paliwanag kung bakit ito ang iyong napiling istrukturang iguhit. Isulat sa patlang ang iyong paliwanag na nasa ibaba ng kahon.







1\. - 5. Napili ko ang istrukturang ito dahil

________________________

________________________

________________________.

**Gawain 3**

Bilugan ang *emoji* na nagpapahayag sa iyong nararamdaman pagkatapos mong makalikha ng sariling sining. Magbigay ng kaunting paliwanag kung bakit ito ang iyong naramdaman.



______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________



## *Isaisip*

Buuin ang mga sumusunod na mga parirala basi sa iyong mga natutunan:

1. Ang natutunan ko sa aralin na ito ay ____________________________________________ ______________________________________________________________________

2. Ang napagtanto ko sa aralin na ito ay ____________________________________________

## *Isagawa*

Sa isang pirasong *bond paper*, gumuhit ng isang gusali na makikita sa inyong komunidad. Maaaring ito ay lumang bahay, simbahan, gusali o ang bahay na gusto mo sa hinaharap. Iguhit sa loob ng kahon na nasa ibaba. Sumangguni sa Rubriks na makikita sa "Tayain" para sa pagmamarka sa iyong likhang sining.

Ano ang naramdaman mo matapos iguhit ang gusali sa inyong kumunidad? Paano mo mapapahalagahan ang mga ito?

__________________________________________________________________

__________________________________________________________________

## *Tayahin*

**A. Rubriks sa pagbigay ng puntos sa likhang-sining sa "Isagawa":**

| **Mga Sukatan** | **Higit na nasusunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining** | **Nasusunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining** | **Hindi nasusunod ang pamantayyan sa pagbuo ng likhang-sining** |
|---|---|---|---|
| | **5** | **3** | **1** |
| 1. Nakabuo ng bahay gamit ang lima o higit pang elemento at prinsipyo ng sining | | | |
| 2. Gumamit ng iba't ibang linya upang makabuo ng mga desinyo. | | | |
| 3.Nakikita ang malikhaing paggamit ng mga elemento at prinsipyo ng sining | | | |
| 4. nakikita ang pagsusumikap ng mag-aaral na makalikha ng natatanging likhang-sining | | | |

B. Ano ang iyong nararamdamn habang nilikha ang napiling bahay o gusali?

__________________________________________________________________

C. Tingnan ang iyong likhang sining, anu-ano ang mga elemento at prinsipyo ng sining na iyong nakikita?

1. ____________________________
2. ____________________________
3. ____________________________
4. ____________________________
5. ____________________________

## *Karagdagang Gawain*

Bumuo ng isang maliit na modelo ng bahay na iyong pangarap gamit ang mga *popsicle sticks*. Kinakailangan rin ang paggamit ng pandikit at pangputol na mga materyales tulad ng gunting, *stick glue*, at *glue gun*. Gumamit din ng mga pangdesinyong kagamitan tulad ng pangkulay o kahit anong bagay na maaaring makadagdag na palamuti tulad ng plastic na bulaklak/halaman, at iba pa. Maging maingat sa pagamit sa mga matatalim at umiinit na bagay.

1. Kilalanin ang mga elemento at prinsipyo na makikita sa iyong likha.

2. Paano mo maipagmamalaki ang likhang sining na ito?

## *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan**

1. e
2. b
3. a
4. c
5.d

6 to7- depende sa sagot ng bata

8 to 10- depende sa sagot ng bata

(Sumangguni sa mga rubrics na nasa Modyul 5)

**Tuklasin**

Bahay o Gusali

1 to 3. Depende sa sagot ng bata

**Pagyamanin**

Gawain 1: 1 to 5

- line
- Shape
- Color
- Form
- Texture
- Space
- Balance
- Rhythm

Gawain 2 (1-5) at 3: Depende sa sagot ng bata

# *Sanggunian*

Copiaco, Hazel, and Emilio Jacinto Jr. Halinang Umawit At Gumuhit 5. Reprint, Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vibal Group Incorporated. 2016, 2016 pahina 132-135

Valdecantos, Emelita. Umawit At Gumuhit 5. Reprint, Guevarra St., Sta. Cruz Manila: Saint Mary's Publishing Corp., 1999, pahina 149-151

https://web.archive.org/web/20161102090224/http://www.panoramio.com/photo/118544026

https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/e/ed/Sta._Maria_Church%2C_Ilocos_Sur.jpg

https://web.archive.org/web/20161102090224/http://www.panoramio.com/photo/118544026

https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/e/eb/Church_of_Santo_Tomas_de_Villanueva_Miagao%2C_Iloilo.jpg

https://en.wikipedia.org/wiki/Bahay_na_bato#/media/File:Rizal_Shrine,_Laguna.jpg

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph